**Mga Serye sa Pag-aalaga ng Nakatatanda**
**Pamamahala ng Gamot**

Ang pelikula ay kapwa ginawa ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan bilang materyal na sanggunian para sa Iskema ng Pagsasanay para sa mga Katulong sa Bahay ukol sa Pangangalaga ng Matatanda.
Ang copyright ng mga nilalaman sa pelikulang ito ay pagmamay-ari ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan.
Ang pelikula ay ginawa lamang para sa hindi-pangkomersyal na gamit.
Ito ay hindi maaaring pauupahan,
ibebenta o kung hindi man gagamitin para sa mga layuning kumikita.

Pupunta tayo sa klinika mamayang hapon para sa follow-up
Susukatin ko ang presyon ng inyong dugo, glucose level ng dugo at ang temperatura ng katawan mamaya
Umupo ka at magpahinga ng ilang sandali
Susukatin ko ang presyon ng inyong dugo sa susunod na limang minuto
Ngayon itaas ko ang inyong manggas
Ipahinga ang inyong siko sa mesa
Ang inyong balikat at ang monitor sa presyon ng dugo ay dapat pareho ang lebel sa inyong puso
upang nasisiguro ang tumpak na pagsusukat

Kinukunan ni Annie ang presyon sa dugo si Gng. Chan at itinatala ito.

Inilagay ni Annie ang papel na pagsuri sa metro ng glucose sa dugo

Susuriin ko na ngayon ang lebel sa glucose ng inyong dugo
Hinugasan ko na ang aking mga kamay ng likidong sabon
Disimpektahan ko ang dulo ng inyong daliri
at tutusukin ang dulo ng inyong daliri gamit ang lancet
upang makakakuha ng patak ng inyong dugo upang suriin ang lebel ng glucose
Heto ang bendahe upang ididiin mo gamit ang dulo ng inyong daliri upang tumigil ang pagdurugo
Itatala ko ang lebel sa glucose ng inyong dugo
at sukatin ang temperatura ng inyong katawan
hihilahin ko nang marahan ang inyong tainga tungo sa likod at pataas
upang tuwirin ang kanal ng tainga para sa tumpak na pagsusukat

Pumupunta sina Gng. Chan at Annie sa klinika para sa pag-follow up.

Gng. Chan, heto ay tatlong mga uri ng gamot para sa inyo...
Okey! Okey!
Nauunawaan ko! Ang parehong mga gamot!
Ang paborito kong drama ay magsisimula na
Magpasensya ka, Madam
Mangyaring makinig sa nars

at suriin ang mga label ng gamot
Siguraduhin na ang inyong pangalan
pangalan ng gamot, dosis, paraan ng paggamit, ruta at prikwensya ay tama

Oo, kailangan mong suriing maayos bago ka aalis
Sinuri ko na rin ang dami ng mga gamot para sa inyo
Sapat na ang mga ito hanggang sa susunod mong pag-follow-up
Ngunit maaari kang tatawag sa akin kung kailangan
Pwede kong ipapaliwanag sa inyo muli

Madam, dapat kang uminom ng mga gamut bago ka manonood ng TV
Okey
Sabi ng doktor na dapat kang uminom ng mga gamut kasama ng tubig
Sigi. Tubig
Hindi ka dapat uminom ng gamot kasama ng tsaa, gatas o dyus ng prutas
dahil ang mga inumin ay nakakaapekta sa pagsipsip at katangian ng mga gamot
Nauunawaan ko. Inumin ko ang mga gamot kasama ang tubig
Ay! Nalaglag ko ang isa

Pinulot ni Annie ang nahulog na gamot at itinapon ito sa basurahan.

Itinapon mo ang aking gamot. Wala na akong sapat na dami ng mga gamot
Susurin ko palagi ang dami
Kung ang mga gamot ay nauubos na ba bago ang susunod na follow-up
Magbibigay-alam ako kay Sir upang magpauna ng tipanan
Masyado kang maalalahanin
Iinumin ko muna ang mga gamut

Nagreseta ang doktor ng bagong gamot para sa inyo ngayong araw
Nakaramdam ka ba ng masama matapos uminom ng gamot?
Hindi
Kapag nakaramdam ka ng masama o nagkaroon ng tugon ng alerhiya
Hihilingin ko Sir na magpakonsulta sa doktor
Ngayon lagyan ko ng marka ang tala ng gamot para sa inyo
Kailangan ba talaga yan?
Ang pagpanatili sa tala ng gamot ay napakahalaga
Maiiwasan dito ang pagka-ulit ng dosis
Wala ako bukas
Nailagay ko na ang mga gamot sa pill box para bukas
at itinakda ang alarmang orasan upang paalalahanan ka na iinumin ang mga gamot
Paalalahanan ka rin ni Sir bukas
Isarado ko na muna ang mga gamot
Ano? Ang mga gamot ay kailangan isasarado?
Opo
Ang Ate at ang kanyang anak ay bibisita sa inyo bukas
Mailalayo sa mga bata ang mga gamot sa ganitong paraan
Tama ka

Nakasali ako sa Iskema ng Pagsasanay para sa mga Katulong sa Bahay ukol sa Pangangalaga ng Matatanda
Mayroong ilang mga bagay na sinabi ng tagapagturo sa amin na kailangang bigyang pansin
Oo! May maraming mga bagay na dapat pansinin kapag mag-iimbak ng mga gamot
Halimbawa, ang mga gamot ay dapat itago sa supot na plastik o bote kasama ang kanyang orihinal na label
Iimbak ang mga ito sa malamig at tuyong lugar
at malayo sa direktang sinag ng araw
Ang mga gamot na sensitibo ng ilaw ay dapat iimbak sa orihinal na pusikit na kulay na bote
Ang mga gamot na magkakaiba ang mga petsa ng pagtatapon ay dapat ilagay sa magkakaibang mga supot
Maliban kung tinukoy o di kaya,
ang karamihan ng mga gamot ay hindi angkop na iimbak sa fridge
Itapon ang mga gamot na wala ng bisa, nag-iiba ang anyo,
nag-iiba ang kulay, nag-iiba ang amoy, naging malabo,
o kung ang etikita ay naging malabo
Hindi ko nalalaman na may maraming dapat magkaroon ng kamalayan
Marami pang mga video sa pag-aalaga ng nakatatanda sa mga website ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan
Napanood ko rin ang mga ito
Nag-alala ka talaga sa akin!

Pagtatatuwa
Ang mga kasanayan sa pamamahala ng gamot
na ipinakita sa pelikulang ito ay nagsisilbe
bilang kalahatang sanggunian at para sa mga layuning pang-edukasyon.
Ito ay maaaring hindi naaangkop sa lahat
na nakatatandang mga tao sa ilalim ng bawat kalagayan.
Mangyaring kumonsulta sa mga propesyonal na tagapag-alaga ng kalusugan
sakaling nagdadalawang-isip sa pagkakaangkop ng mga kasanayan
sa ilalim ng tiyak na mga kalagayan.

Kagawaran ng Kalusugan
Website ng Serbisyo sa Kalusugan ng Nakatatanda
www.elderly.gov.hk

Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan
Iskema ng Pagsasanay para sa mga Katulong
sa Bahay ukol sa Pangangalaga ng Matatanda
www.swd.gov.hk/en/index/site_pubsvc/page_elderly/sub_psfdh/